

## PRIBADONG PAMPINANSYAL NA TULONG

**MGA PRIBADONG ISKOLARSIP:** Maraming mga pribadong iskolarsip na magagamit para sa mga mag-aaral upang makatulong na magbayad para sa kolehiyo. Ang ilan ay batay sa kahusayan. Ang iba ay nakatuon sa partikular na mga grupong tao, tulad ng mga pamilya ng militar (tingnan ang <https://studentaid.gov/understand-aid/types/military>)

Mga mapagkukunan ng impormasyon para sa mga iskolarsip:

**Kagamitan sa paghahanap** ng Libreng Iskolarsip ng Departamento ng Trabaho: <https://www.careeronestop.org/toolkit/training/find-scholarships.aspx>

Paghahanap sa iskolarsip ng Lupon ng Kolehiyo: [www.bigfuture.collegeboard.org/scholarship-search](http://www.bigfuture.collegeboard.org/scholarship-search)

FinAid.Org: <http://www.finaid.org/scholarships/>

Opisina ng pampinansyal na tulong sa isang kolehiyo o paaralan ng karera

Mataas na paaralan o TRIO na tagapayo

Sangguniang seksyon ng iyong aklatan

Mga pundasyon, mga samahan ng relihiyon o organisasyon, mga lokal na negosyo, o mga sibikong grupo

Mga Organisasyon (kasama ang mga propesyonal na asosasyon) na nauugnay sa iyong larangan ng interes

Mga organisasyon na batay sa Etnisidad

Ang iyong tagapag-employo o mga tagapag-employo ng iyong magulang

Ang isang iskolarsip ay makakaapekto sa iyong iba pang tulong ng mag-aaral dahil ang kabuuan ng lahat ng tulong sa mag-aaral ay hindi maaaring maging higit sa iyong gastos sa pagdalo sa iyong paaralan

## Pagbabayad sa Pribadong Pautang ng Mag-aaral

Ang mga pribadong pautang sa mag-aaral ay hindi nag-aalok ng kasing-daming mga mapipilian ng pagbabayad na tulad ng pederal na pautang sa mag-aaral.

Kung hindi mo magawa ang iyong mga pagbabayad, ang pagkakautang ay susunod sa isang daan na katulad ng iba pang pagkakautang ng mamimili (tulad ng utang sa kredit kard).

**Delingkuwensya:** Ang nanghihiram ay huli sa isang pagbabayad.

**Charge-Off:** Pagkatapos ng 120 o 180 mga araw, inuulat ng tagapagpahiram ang utang bilang pagkawala para sa mga layunin ng accounting. Ang nanghihiram ay mananagot pa rin sa utang.

**Pagbebenta sa Mamimili ng Utang:** Ibebenta ang utang ng orihinal na nagpapahiram sa bumibili ng utang nang mas mababa kaysa sa balanse ng utang.

**Demanda:** Ang may-ari ng utang (ang orihinal na tagapagpahiram o bumibili ng utang) ay idedemanda ang nanghihiram.

**Paghahatol:** Ang paghatol sa korte ay maaaring magresulta sa pagbabawas ng iyong suweldo o isang utang sa iyong pag-aari.

Sa anumang punto sa panahon na ito, maaari mong palaging subukan na makipag-ayos ng isang kasunduan sa nagpapahiram o mamimili ng utang.

Kung nais mo ng karagdagang payo tungkol sa pagpipili ng isang paaralan, pag-aaplay para sa pampinansyal na tulong, o pangangasiwa sa iyong pagkakautang ng pautang ng mag-aaral, maaari ka ring makipag-ugnay sa amin. Housing & Economic Rights Advocates (HERA) P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604 Telepono: 510-271-8443 ext. 300 Fax: 510-868-4521 E-mail: [inquiries@heraca.org](mailto:inquiries@heraca.org) [www.heraca.org](http://www.heraca.org)

# PAGBABAYAD PARA SA KOLEHIYO: ALAMIN ANG IYONG MGA MAPIPILIAN

## 2/2

Maraming iba't ibang mga mapipilian upang matulungan kang magbayad para sa kolehiyo. Maaari kang makapagbayad para sa ilan o lahat ng iyong edukasyon sa pamamagitan ng isang kumbinasyon ng mga mapipiliang ito. Hindi ka dapat magbayad sa sinuman upang tulungan kang mag-aplay para sa pampinansyal na tulong . Maaari mong malaman ang tungkol sa mga ito at mag-aplay nang libre. Saklaw ng gabay na ito ang mga mapagkukunan ng California at pribadong pampinansyal na tulong.

# HERA

housing and  
economic  
rights advocates

P.O. Box 29435 Oakland, CA 94604

Phone: 510-271-8443 ext. 300

Fax: 510-868-4521

E-mail: [inquiries@heraca.org](mailto:inquiries@heraca.org)

[www.heraca.org](http://www.heraca.org)

## **PAMPINANSYAL NA TULONG NG ESTADO NG CALIFORNIA**

Ang mga mag-aaral sa California ay maaaring mag-aplay para sa iba't ibang mga iskolarsip, mga kaloob, at mga benepisyo sa edukasyon. Dapat galugarin ng mga mag-aaral ang mga programa sa ibaba upang mabawasan ang gastos sa kolehiyo at sa gayon bawasan ang halaga ng mga pautang ng mag-aaral na kailangan nilang gawin. Bisitahin ang <https://www.csac.ca.gov/financial-aid-programs> para sa karagdagang impormasyon.

**Mga Kaloob ng Cal** – magagamit para sa mga mag-aaral na may pinansiyal na pangangailangan na napapanatili ang kasiya-siyang pag-unlad sa akademiko sa Universidad ng California (UC), California State University (CSU) o Kolehiyo ng Komunidad

**Kaloob ng Chafee para sa Kandilihing Kabataan** – para sa mga mag-aaral na nasa kandilihing pangangalaga sa pagitan ng edad na 16 at 18 bilang isang sustentado o dependyente ng korte at may pinansiyal na pangangailangan. Maaaring maging kwalipikado ng hanggang \$5,000 sa isang taon para sa karera at teknikal na pagsasanay o kolehiyo.

**Mga Iskolarsip ng Nakaririwasang Tao** – nagbibigay sa mga undergraduate na mag-aaral, kabilang ang mga mag-aaral na nagsisikap na matamo ang isang kredensyal sa pagtuturo, na may mga kita ang pamilya at mga ari-arian na hanggang sa \$177,000 isang iskolarsip na dumalo o mga kampus sa UC o CSU.

**Tulong sa Edukasyon ng National Guard** – mga insentibo sa edukasyon para sa aktibong miyembro ng California National Guard, ng State Military Reserve, o ng Naval Militia.

**Mga Kaloob sa mga Dependyente ng mga Tauhan ng Pagpapatupad ng Batas** – mga kaloob batay sa kinakailangang pang-edukasyon sa mga dependyente at mga asawa ng mga opisyal ng kapayapaan sa California at permanenteng/full-time na mga bumbero na namatay o naging 100% na may kapansanan habang nasa tungkulin.

**CalVet Education Benefits** – mga benepisyo ng edukasyon at mga pagpapaubaya ng bayad na makukuha ng mga beterano na nakakatugon sa ilang kriterya at kanilang mga dependyente. Bisitahin ang: <https://www.calvet.ca.gov/veteran-services-benefits/education>

### **SPOTLIGHT: Ang Pangakong Kaloob ng California para sa Kolehiyong Pangkomunidad**

Ang Pangakong Kaloob ng California ay pinapaubaya ang bayad sa pagpapatala (matrikula) at anumang kolehiyo ng komunidad sa California sa buong estado!

Batay sa pinansiyal na pangangailangan (iba't ibang mga paraan upang maging kwalipikado, kaya pinakamahusay na mag-aplay at tingnan).

Hindi saklaw ang mga aklat-aralin, mga kagamitan, pabahay o transportasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pampinansyal na tulong upang dumalo sa Kolehiyo ng Komunidad, pumunta sa <https://icanaffordcollege.com/FAQ#california-college-promise-grant>.

### **Mga Pederal na Pautang sa Mag-aaral**

**Nakapirming porsiyento na interes** - karaniwang mas mababa kaysa sa mga pribadong pautang at mga kredit kard.

**Walang pagsusuri ng kredito o kinakailangang isang kasamang tagapirma** (ang eksepsyon: mga Direct Plus na pautang)

**Walang pagbabayad hanggang pagkatapos mong umalis sa kolehiyo** o tumigil ng mababa sa kalahating panahon.

**HERA is a not-for-profit legal services organization dedicated to economic justice. For additional information or to request assistance, please contact us at [inquiries@heraca.org](mailto:inquiries@heraca.org) or (510) 271-8443 ext. 300**

**Maaaring bayaran ng pamahalaan ang interes** sa ilang mga uri ng pautang habang ikaw ay nasa paaralan at sa ilang mga oras pagkatapos ng paaralan kung mayroon kang pinansiyal na pangangailangan.

**Pagbabayad na may kakayahang umangkop at pinapatakbo ng kita** na mga plano at mga mapipilian upang ipagpaliban ang iyong mga pagbabayad ng utang kung nagkakaproblema ka sa mga pagbabayad.

**Pagpapatawad sa pautang** para sa mga nangungutang na nagtatrabaho para sa pamahalaan o ilang mga di-pangkalakal na organisasyon pagkatapos ng 120 mga kwalipikadong pagbabayad.

**Ang mga pag-diskarga ng utang** ay makukuha sa ilalim ng ilang mga pangyayari, tulad ng permanenteng kapansanan

### **Mga Pribadong Pautang ng Mag-aaral**

**May posibilidad na maging mas mataas ang mga porsiyento ng interes** kaysa sa pederal na pautang sa mag-aaral.

**Ang pagiging karapat-dapat ay nakasalalay sa iyong marka ng kredito.**

Ang ilang mga nagpapahiram ay nangangailangan ng **mga pagbabayad habang ikaw ay nasa paaralan pa.**

Ang mga pribadong pautang **ay walang pagpapatawad sa utang o mga programa sa pagbabayad na nakabatay sa kita.** Ang mga ito ay makukuha lamang para sa mga pederal na pautang sa mag-aaral.

Ang pagkakautang sa pribadong pautang sa mag-aaral ay **itinuturing na katulad ng ibang pagkakautang ng mamimili,** tulad ng pagkakautang sa kredit kard (tingnan ang pahina 2).